**Noong Marso 2026, ako po ay tumigil sa kompanyang pinagtrabahuhan ko nang mahigit 2 taon na kung saan inaawas sa sweldo ko ang bayad sa resident tax. Nakaplano akong umuwi sa sarilling bansa sa Abril. Ano po ang mangyayari sa binabayarang resident tax?**


Kung tumigil na sa kompanyang nag aawas ng bayad sa Resident tax, mga mga paraan para sa pagbabayad ng resident tax. Mangyaring konsultahin ang kompanya ukol sa mga paraang ito.

1. **Normal na Pagbabayad**：Gamitin ang payment slip na mula sa Munisipalidad at bayaran ang resident tax na hindi pa bayad sa convenience store, banko, internet atbp. （※May mga pagkakaiba ang paraan ng pagbabayad ayon sa munisipalidad）
2. **Isang bayaran**：Ang buong halaga ng hindi pa nabayarang resident tax ay iaawas sa sweldo or severance pay at ang kompanya ang magbabayad sa munisipalidad.

Ang Resident tax ay binabayaran ng lahat, banyaga man o hindi kung nanirahan at may trabaho sa Japan mula Enero 1. Gayundin kung uuwi sa sariling bansa sa petsang Enero 2.

Kung nanirahan sa Japan hanggang Enero 1, 2026 at may sweldo noong 2025, **nararapat na magbayad ng resident tax kahit umuwi ng sariling bansa.**

Ang payment slip para sa taong 2025 ay ipapadala ng munisipalidad sa Hunyo 2026 kaya kung nakauwi na sa sariling bansa sa petsang ito, hindi matatanggap ang payment slip at hindi rin mababayaran ang resident tax, kaya dapat na bago umuwi,**magtalaga ng taong nakatira sa Japan upang kapalit na magbabayad ng resident tax.**Para sa impormasyon ukol sa paraang ito, mangyaring sumanggguni sa munisipalidad.




## Mga Dapat Pag ingatan

- **Kung hindi nabayaran sa palugit na petsa, may karagdagang interes na dapat bayaran**
- **Kung hindi nagbayad ng resident tax na dapat bayaran, maaaring hindi maaprubahan ang renewal o pagpapalit ng Residence status, at aplikasyon ng permanent residence**
- **Kung uuwi sa bansa pagkalipas ng Hunyo at mababayaran ang resident tax, hindi na kailangang magtalaga ng kapalit para magbayad**

## Mga dokumentong mapagbabasehan

Tayo ay Magbayad ng Resident tax !
（Hokkaido Foreign Resident Support Center）
Mga Wika：Hapon, Ingles, Kastila, tsina (Pinasimple/Tradisyunal), Koreyano, Tagalog, Biyetnam, Thai, Ukrainian

Huwag Kalimutang Magbayad ng Resident Tax!
（Ministry of Internal Affairs and Communications）
Mga Wika：Hapon, Ingles, Tsina, Biyetnam, Portuguese